



Proseso ng Muling Pagdidistrito ng County ng Santa Clara

Tuwing sampung taon, ang mga lokal na gobyerno ay gumagamit ng mga bagong data ng census upang muling iguhit ang kanilang mga linya ng distrito upang maipakita kung paano nagbago ang mga lokal na populasyon. Ang [Assembly Bill 849 \(2019\)](#) ay nangangailangan sa mga lungsod at county na makisali sa mga komunidad sa prosesong muling pagdidistrito sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga pampublikong pagdinig at/o mga workshop at paggawa ng outreach sa publiko, kabilang ang mga komunidad na hindi nagsasalita ng Ingles.

Ano ang muling pagdidistrito?

Tuwing sampung taon, ang mga distrito ay dapat muling iguhit upang ang bawat distrito ay may malaki at pantay na populasyon. Ang prosesong ito, na tinatawag na muling pagdidistrito, ay mahalaga sa pagtitiyak na ang bawat miyembro ng lupon ay kumakatawan sa parehong bilang ng mga nasasakupan. Sa Santa Clara County, ang Lupon ng mga Superbisor ay responsable sa pagguhit ng mga distritong pinangangasiwaan. Ginagawa ang muling pagdidistrito gamit ang Census data ng US, na inilabas bandang Marso 31, 2021. Para sa County ng Santa Clara, ang prosesong muling pagdidistrito ay dapat na makumpleto sa Disyembre 15, 2021.

Bakit mahalaga sa akin ang muling pagdidistrito?

Tinutukoy ng muling pagdidistrito kung aling mga kapitbahayan at komunidad ang pagsasamahin sa isang distrito para sa mga hangarin na pumili ng isang miyembro ng lupon.

Ang Lupon ng mga Superbisor ay hihingi ng komento sa pagpili ng susunod na mapa ng distrito para sa ating mga distritong pinangangasiwaan. Mayroon kayong isang pagkakataon na ibahagi sa Lupon ng mga Superbisor kung paano sa tingin ninyo dapat na iguhit ang mga hangganan ng distrito upang pinakamahusay na kumatawan sa inyong komunidad.

Maaari kayong makipag-ugnayan sa koponan ng muling pagdidistrito sa 2021redistricting@ceo.sccgov.org o bisitahin ang website ng muling pagdidistrito sa www.sccgov.org/2021redistricting upang malaman ang higit pa tungkol sa kung paano gumagana ang prosesong ito.

Ano ang hitsura ng mga umiiral na distritong pinangangasiwaan?

Maaari kayong makahanap ng mapa ng mga kasalukuyang distritong pinangangasiwaan ng County dito:

https://board.sccgov.org/sites/g/files/exjcpb936/files/2021-06/scc_all_districts_map.jpg

Anong pamantayan ang gagamitin ng ating Lupon ng mga Superbisor sa pagguhit ng mga linya ng distrito?

Hangga't sa ito'y magagawa, ang mga linya ng distrito ay gagamitin gamit ang mga sumusunod na pamantayan: (1) ang mga heograpikong magkadikit na distrito (bawat distritong pinangangasiwaan ay dapat nagbabahagi ng isang karaniwang hangganan sa susunod na distrito), (2) ang integridad ng heograpiya ng mga lokal na kapitbahayan o komunidad ay igagalang sa isang paraang pinapaliit ang paghahati nito, (3) ang integridad ng heograpiya ng isang lungsod ay igagalang sa isang paraang pinapaliit ang paghahati nito, (4) madaling makilala ang mga hangganan na sumusunod sa natural o artipisyal na hadlang (mga ilog, lansangan, highway, mga linya ng riles, atbp.), at (5) ang mga linya ay dapat iguhit upang hikayatin ang maliit na heograpiya. Bilang karagdagan, ang mga hangganan ay hindi dapat iguhit para sa mga layunin ng pagpabor o diskriminasyon laban sa isang partidong pampulitika.

Paano aabisuhan ng ating Lupon ng mga Superbisor ang publiko tungkol sa muling pagdidistrito?

Makikipag-ugnayan ang Lupon ng mga Superbisor sa lokal na media upang isapubliko ang prosesong muling pagdidistrito. Gayundin, magsisikap kami nang mabuti na maabisuhan ang mga pangkat ng iba't ibang uri ng komunidad tungkol sa prosesong muling pagdidistrito. Ang mga pagpupulong ng komisyon ay

pampubliko at ibibigay sa mga naaangkop na wika kung ang mga residente ay magsumite ng isang kahilingan nang maaga. Ang Lupon ng mga Superbisor ay mag-aabiso sa publiko tungkol sa pagpupulong ng muling pagdidistrito ng komisyon, magpo-post ng mga mapa sa online bago ang pagpapatibay nito, at lilikha ng isang nakalaang web page para sa impormasyon sa muling pagdidistrito.

Paano ako makakasali?

Gaganapin ang mga pagdinig ng 2021 Advisory Redistricting Commission upang makatanggap ng pampublikong komento sa kung saan dapat iguhit ang mga linya ng distrito. Ang iskedyul ng mga pagdinig ay na-post sa online: <https://countyexec.sccgov.org/2021-redistricting-process/2021-redistricting-events>

Maaari rin kayong higit na matuto o magsumite ng mga pampublikong komento, kasama ang mga iminungkahing plano na mapa, sa pamamagitan ng pag-email sa: 2021redistricting@ceo.sccgov.org

Tagalog